



Tinawag Upang Maglingkod

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 6:1-2a, 3-8)

¹NANG taóng mamatay si Haring Uzias, nakita ko ang Panginoon. ²Nakaupo siya sa isang napakataas na luklukan. Ang laylayan ng kanyang damit ay nakalatag sa buong Templo. May mga serapin sa kanyang ulunan, at bawat isa’y may anim na pakpak. Wala silang tigil nang kasasabi sa isa’t isa ng ganito: “Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos ng mga hukbo; ang kanyang kaningninga’y laganap sa sanlibutan.”

⁴Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang pundasyon ng Templo at ang loob nito’y napuno ng usok. ⁵Sinabi ko, “Kawawa ako. Marumi ang aking labi at naninirahan sa piling ng mga taong marurumi rin ang labi. Mapapahamak ako pagkat ako’y isang makasalanang nakakita sa Panginoon, ang Makapang- yarihang Hari.”

⁶Pagkatapos, may isang seraping sumipit ng baga sa dambana, at lumipad na patungo sa akin. ⁷Ang baga ay idiniit sa aking mga labi, at sinabi, “Wala ka nang sala. Napawi na ang mga kasalanan mo.” ⁸Narinig ko ang tinig ng Panginoon, “Sino ang aking ipadadala? Sino



ang aming susuguin?” Sumagot ako, “**Narito po ako. Ako ang isugo n’yo.**”

Tema: **Ang Tugon ni Isaias**

PAGPAPALIWANAG

- Ang bb. 1-3 ay tungkol sa pagtawag kay Isaias: Nakita niya ang Diyos sa Templo na nakaupo sa trono at ang mga serapin ay umaawit ng “Banal”. Mga nangyari: may tunog, may pintong nayanig at may usok
- Ang b. 5 ay nagpatotoo ng isang makalumang paniniwala na kamatayan ang dulot pag nasa harapan ka ng Diyos. Ito rin ang nagpatotoo sa pagiging makasalanang ni Isaias. Sino ba siya para humarap sa Diyos?
- Ang b. 6 ay tumutukoy sa paglilinis kay Isaias mula sa kasalanan sa pamamagitan ng isang serapin (Ang nangyari: may baga mula sa altar)
- Ang b. 7 ay nagpapakita ng kilos ng paglilinis ng serapin (pagdami sa labi).

- “Ang kasamaan ay naalis” ay katumbas ng “ang kasalanan ay napawi.”
- Nagpapakita ang b. 8 na may kalinawan ang tinig ng Diyos (hindi lang basta-basta tining/tunog) sa anyo ng isang tanong (Sino ang aking ipapadala?/ Sino ang magpapahayag para sa atin?)
- Tumugon si Isaias; “Narito po ako, ako ang inyong isugo!” Hiniling ba ni Isaias na maging propeta?

PAGNINILAY

Tinatawag tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatanong. Hindi niya sinabing: “Sinusugo kita!” kundi “Sino ang aking ipapadala?”

SALMONG TUGUNAN (Slm 137) POON, KITA’Y PUPURIHIN SA HARAP NG MGA ANGHEL.

IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 15:3-8, 11)

MGA KAPATID: ³Ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinanggap ko rin: si Kristo’y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nasasaad sa Kasulatan; ⁴inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan; ⁵at siya’y napakita kay Pedro, saka sa Labindalawa. ⁶Pagkatapos, napakita siya sa mahigit na limandaang kapatid na nagkakatipon. Marami sa kanila’y buháy pa hanggang ngayon, bagama’t patay na ang ilan. ⁷At napakita rin siya kay Santiago, saka sa mga apostol na sama-sama noon.

⁸Sa kahuli-huliha’y **napakita rin siya sa akin**—bagama’t ako’y tulad ng batang ipinanganak nang di-kapanahunan. Kaya’t maging ako o sila—ito ang ipinangangaral namin, at ito ang pinananaligan ninyo.

Tema: **Ang Pagtawag kay Pablo**

PAGPAPALIWANAG

- Sa b.1 pinapaalala ni Pablo sa mga taga-Corinto ang Ebanghelyong kanyang ipinahayag at kanilang tinanggap at isinabuhay.
- Sa b. 2 ipinapakita na nakaliligtas ang Ebanghelyong ipinahayag sa kanila ni Pablo. Ang bb. 3-4 ay ang *kerygma*, ang nilalaman ng pagpapahayag ng mga apostol, ni Pablo. Pansinin ang pag-uulit ng mga salitang “ayon din sa Kasulatan”.
- Ang bb. 5-7 ay tumutukoy sa mga pagpapakita ni Hesus kay Cephas (Pedro), sa labing-dalawa, sa humigit na limang libong kapatid, kay Santiago (Jaime) at sa lahat ng mga apostol.
- Tumutukoy ang b. 8 sa pagpapakita ni Hesus kay Pablo, na tumuturing sa kanyang sarili na kakaiba at pinakahamak sa mga apostol, hindi karapat-dapat tawaging apostol (b. 9) sa kadahilanang inusig niya ang Iglesia ng Diyos (b. 9).
- Ang b. 10 ay tumutukoy sa kagandahang loob ng Diyos na kumikilos kay Pablo at sa kanyang pag-ako ng papagal ng kanyang gawain. (Nagpagal ako ng higit sa kanila.)

PAGNINILAY

Ang Ebanghelyong ipinahayag ni San Pablo ay dapat intindihin ng ayon sa kanya, hindi ayon sa apat na Ebanghelistang. Ang Ebanghelyong ayon kay Mateo, Marcos, Lucas at Juan ay hindi pa naisulat noong panahon ni Pablo. Ang Ebanghelyong ito na ipinahayag ni Pablo ang siyang nagpalago ng mga Kristiyanong pamayanan sa Corinto at sa iba pang lugar.

MABUTING BALITA (Lc 5:1-11)

¹NOONG panahong iyon, nakatayo si Jesus sa baybayin ng Lawa ng Genesaret. Pinagkalipumpunan siya ng napakaraming tao na ibig makarinig ng salita ng Diyos. ²May nakita siyang dalawang bangka sa baybayin; nakalunsad na ang mga mangingisda at naghuhugas ng kanilang mga lambat. ³Lumulan siya sa isa sa mga bangka at hiniling kay Simong may-ari nito, na ilayo nang kaunti sa tabi. Naupo siya sa bangka at nangaral sa mga tao.

⁴Pagkatapos niyang magsalita ay sinabi kay Simon, “Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli.” ⁵Sumagot si Simon, “Guro, magdamag po kaming nagpagod at wala kaming nahuli! Ngunit dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat.” ⁶Gayon nga ang ginawa nila at sa dami ng kanilang huli ay halos magkansisira ang kanilang mga lambat. ⁷Kaya’t kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa ibang bangka upang patulong, at lumapit naman ang mga ito. Napuno ang dalawang bangka na halos lumubog. ⁸Nang makita iyon ni Simon Pedro, siya’y nagpátirapâ sa paanan ni Jesus at nagsabi, “Lumayo po kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako’y makasalanan.” ⁹Nanggilalas siya at ang kanyang mga kasama dahil sa dami ng kanilang huli, ¹⁰gayon din sina Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasosyo ni Simon. At sinabi ni Jesus kay Simon, “Huwag kang matakot. **Mula ngayo’y mamamalakaya ka ng mga tao.**” ¹¹Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.

Tema: **Ang Pagtawag sa mga Apostoles**

PAGPAPALIWANAG

- Nagpapakita ang bb. 1-3 ng pagtawag kay

Pedro na sumunod kay Hesus, Si Pedro ay isang mangingisda; mayroon siyang bangka at mga tauhan. Ipinapakita na si Hesus ay isang tagapagpahayag, hiniram niya ang bangka ni Pedro. Isang magandang estratihiya sa pagpapahayag (na hindi siya maipit ng mga tao).

- Ang mga tao ay uhaw sa Salita ng Diyos.
- Ang bb. 4-7 ay nagpakita ng kapangyarihan ni Hesus. Inutusan niya si Pedro na sundin siya (Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli). Isa itong kabaliwan para kay Pedro, ngunit alang-alang sa kanyang mga salita, sumunod siya.
- Nagpapakita ang bb. 8-10 ng banal na karanasan nina Pedro at ng kanyang mga kasama. Nakita nila ang kanilang pagkamakasalahan. Dito nangyari ang pagtawag kay Pedro at kanyang mga kasamahan.
- Tumutukoy ang b. 10 ng buong-pusong pagtugon ni Pedro at kanyang mga kasama sa tawag ni Hesus.

PAGNINILAY

Ang pagtawag kay Pedro ay nangyari noong siya ay nangingisda (hanap-buhay) at nagpapahayag naman si Hesus.

Unti-unti ang pagtawag ng Diyos, hindi biglaan. Pansinin ito sa pagtawag kay Pedro.

II. PAG-UUGNAY

Tumutukoy ang Unang Pagbasa sa bokasyon ni Isaias. (Ang pagpapakita ng Diyos sa kaluwalhatian). Ang Ikalawang Pagbasa naman ay tumutukoy sa bokasyon ni Pablo (Ang Pagpapakita ng Kristo na Muling Nabuhay). At ang Ebanghelyo ay tungkol

sa bokasyon ni Pedro (si Hesus bilang isang tagapagpahayag).

Mga Bagong Libro ng ST PAULS




III. SALAMIN NG BUHAY

1. Kumikilos ang CBCP para sa isang malinis, tapat at mapayapang eleksyon.
2. Pandaigdigang Pag-init = pagkatunaw ng yelo sa hilaga at timog na bahagi ng mundo = pagtaas ng lebel ng tubig = paglubog ng mabababang bahagi ng lupa...
3. Anu-ano ang mga tawag ng paglilingkod ang naririnig natin sa panahong ito?
4. Ikuwento kahit sa ilang salita ang iyong bokasyon.

- Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM

-Isinalin ni Cl. Anthony John Javier, SSP

(Pangwakas na Panalangin)



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maaari pong mag-donate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)